

U nti-unting nagmulat ng mga mata si Kate. There was a continuous buzzing inside her head. Sandali siyang nakiramdam sa paligid at naramdaman niya ang paghampas ng alon sa kanyang binti, pati na rin ang magaspang na buhanging nakakapit sa kanyang katawan.

Mula sa pagkakadapa ay kumilos siya para mapatihaya.

*Thank God I'm alive!* sabi niya sa sarili.

Sa kanyang harapan ay ang tila walang hanggang karagatan at sa bandang likuran naman ay ang masukal na kagubatan na binubuo ng mga punong mas matanda pa yata sa kanya. Sa isang gilid ay ang matataas na bato na hinahampas ng malakas na alon.

Hindi niya alam kung ano ang nangyari, pero sa pagkakatanda niya ay halos dalawang araw na siyang palutang-lutang sa tubig, lulan ng isang wide piece of wood.

Nagpalinga-linga siya sa paligid. *Nag-iisa lang ba ako sa lugar na ito?* The place looked uninhabited.

She felt the sudden panic rise within her. Palubog na ang araw at ilang oras pa ay magdidilim na ang paligid. Ano ang gagawin niya sa ganoong klase ng lugar? She was cold and hungry, plus her body was aching all over.

Tinanggal ni Kate ang dilaw na life vest na nakasuot pa rin sa kanya. While in the process, pilit niyang inaalala ang mga pangyayari na nagdala sa kanya sa lugar na iyon. Pero habang pinag-iisipan ay lalong lumalala ang sakit ng kanyang ulo.

She rolled over in pain.

“I’m glad you’re awake.”

She sat up in surprise and stared at the man walking toward her. Palabas ito mula sa kagubatan at pasan sa isang matipunong balikat ang ilang piraso ng kahoy. Ibinaba nito ang mga iyon may tatlong metro mula sa kanya, then proceeded to pile one after another. Nilagyan nito ng mga tuyong dahon ang mga kahoy at sinimulang sindihan, cave-man style.

Kate cringed at the sight of him. She was not used to having male company. Especially, male strangers.

It took several minutes before the firewood caught fire.

Umupo ang estranghero sa tabi ng bonfire at hinubad ang basang sweatshirt para patuyuin iyon.

“Hindi ka ba lalapit dito?” tanong nito makalipas ang ilang minuto. “You’ll catch your death in those wet clothes.”

Hindi siya natinag sa pagkakaupo at iniwasan ng tingin ang lalaki.

“Suit yourself,” muling saad nito. He stood up to dust-off his jeans. “I’m going to get more firewood for the night, puwede bang pakitingnan ito para hindi mamatay

ang apoy?”

Tumango si Kate. Nang mawala sa paningin ang lalaki ay lumapit siya sa bonfire para mabawasan ang lamig na nararamdaman. She held out her palms near the flames. Nanginginig na siya sa sobrang lamig, dahil na rin sa basang damit na suot-suot pa rin niya. Pinag-isipan niyang hubarin muna iyon, pero naisip niyang baka magbalik ang estranghero nang hindi namamalayan. That would be shameful and indecent. Nagtiis na lamang siya.

*Sino kaya ang lalaking iyon?* tanong niya sa sarili. More likely katulad niya rin itong survivor. *Survivor kaya ng ano?* She tried to think about it, pero nananakit muli ang kanyang ulo.

Dinagdagan niya ng kahoy ang bonfire.

Oh, but she felt awful! Para siyang lantang gulay na hindi makakilos sa sobrang panlalambot na nararamdaman. At lahat ng parte ng kanyang katawan ay nananakit. Ito na yata ang pinakamiserableng araw sa tanang-buhay niya...

Muli siyang nahiga sa buhangin patagilid and she curled like a fetus. She momentarily closed her eyes, thinking of resting for a while habang hinihintay ang pagbalik ng estranghero. But pure exhaustion claimed her that she fell asleep in that fashion—wet, bedraggled and miserable.



“Damn woman!” Nick muttered nang makita ang natutulog na babae sa tabi ng bonfire. Hindi man lang nito naisipang hubarin ang basang damit bago natulog!

Inilapag niya ang mga pasang kahoy at inasikaso ang nanganganib na mamamatay na apoy. Hindi pa

naman madaling gumawa ng panibago.

Malapit nang dumilim ang paligid. Kailangan pa niyang magtayo ng pansamantalang masisilungan. More than that, kailangan din niyang maghanap ng makakain at maiinom. Problema talaga kung aabutin siya ng takipsilim bago magawa ang lahat ng iyon. Hindi sana problema kung maliwanag pa ang paligid, but it would be dangerous to wander in the dark, lalo na at hindi siya sigurado kung maraming mababangis na hayop ang nagkalat sa kagubatang iyon.

Tiningnan niya ang natutulog pang babae. He could use a little help from her kahit man lang sana sa pagbabantay ng apoy habang wala siya. But a single look thrown at the hapless young woman made him resigned to that idea.

Inilayo niya nang kaunti ang babae sa bonfire at sinimulang buksan ang mga butones ng puti nitong blusa.

“Sorry to offend your sensibilities,” aniya na para bang naririnig siya nito. Pero hindi iyon ang oras para magpaka-wholesome. Konsyensya pa niya kung magkapulmonya ito.

Umungol ang babae pero hindi naman nagising.

Natanggal nang lahat ang mga butones sa blusa at natigilan si Nick nang nalantad sa kanya ang mala-kremang balat nito at ang dibdib nito na natatakpan ng bra.

*Beautiful.*

Sinaway niya rin agad ang sarili at inalis ang mga mata sa magandang tanawin.

Pagkatapos, dinagdagan niya ng maraming kahoy ang bonfire para siguradong hindi iyon mamamatay

habang nangangalap siya ng magagamit sa pagtatayo ng temporary shelter. Itinabi niya ang tinanggal na blusa ng babae sa sweatshirt niya na pinatutuyo sa tabi ng apoy.

He went again into the thick forest. This time madali lang niyang nahanap ang mga kailangan dahil banana leaves at mahahabang kahoy lang ang kailangan niya. Sa ngayon ay ayos nang may pangharang sila sa malamig na simoy ng hangin. They just have to get through this night at pagkatapos ay aayusin na lang niya pagsapit ng umaga.

Pagtitiyagaan muna niyang gumawa ng isang lean-to.

He emerged out of the forest quarter of an hour later. Mahimbing pa ring natutulog ang babae; hindi man lang naiba ang posisyon nito mula noong iwan niya. She was still lying on her back with her two hands placed on her stomach.

So prim and proper... kahit pa nga isang lacy brassiere lamang ang suot nitong pang-itaas. He sneered at the thought.

Ano kaya ang magiging reaksiyon nito kung sakaling malaman ang ginawa niyang paghuhubad dito? *Mukha pa namang conservative...*

The way he was seeing it, mukhang kailangan niyang mag-babysit ng isang grown-up woman. How troublesome!

He did not need that. They were in the middle of nowhere at mukhang matatagalang dumating ang tulong mula sa mga rescuer. Sure enough, darating ang mga iyon. Hindi nga lang alam ni Nick kung kailan. Wala silang magagawa kundi ang maghintay sa ngayon. And that was the difficult part.

Narinig niyang umungol muli ang babae. Now, what? Nilapitan niya ito at ininspeksyon ang kabuuang ayos nito.

At her right temple was a wound na sinlaki ng five-peso coin. Hindi naman grabe at hindi na rin dumudugo. Pero naisip niyang baka isa lamang ito sa mga injuries ng babae. Hindi naman siguro ito uungol nang gayon kung walang ibang nararamdaman.

He proceeded to inspect the different areas of her body—her arms, shoulders, stomach. Wala namang problema. Itinaas niya ang suot nitong black skirt. Maliban sa ilang minor scratches ay wala na itong ibang sugat.

His brows furrowed in confusion.

Baka naman nananaginip lang ang estranghera? Yes, that was the most logical explanation for the situation. Tumayo siyang muli para gawin ang pansamantala nilang masisilungan. Hindi na siguro siya makakapaghanap ng pagkain sa ngayon. Kulang na siya sa oras. Bukas na siguro kapag lumiliwanag na ang paligid.

He literally heard his grumbling stomach. *Damn!* Hindi naman kataka-taka iyon dahil dalawang araw nang walang laman ang kanyang sikhmura.

Pero mayroon pa siyang mas kailangang matapos. He tried not to think about food, or else, lalo lang siyang magugutom.

Habang ginagawa ang lean-to ay hindi niya maiwasang sulyapan ang babae na siyang tangi niyang kasama sa islang iyon. She was sleeping like a log at kulang na lang ay pakiramdaman niya kung humihinga pa ito. He seriously considered doing that just to be

sure. Pero mukhang okay ang babae dahil paminsan-minsan ay umuungol ito.

The sun was setting in the Western sky nang sa wakas ay natapos niya ang ginagawa. Dinagdagan niya ng maraming kahoy ang bonfire.

Binuhat ni Nick ang nahihimbing na babae at inihiga ito sa ilalim ng ginawa niyang silungan. He was so sleepy pero hindi siya puwedeng matulog habang nahihimbing ang kasama. Babantayan niya ang apoy para hindi iyon mamatay. They needed to keep their bodies warm. Kailangan din nila iyon para ipangtaboy sa mababangis na hayop na puwedeng nasa kanilang paligid at para na rin makita sila agad ng kanilang mga rescuers.



Tumatama na sa mga talukap ng kanyang mga mata ang sinag ng araw nang gumising si Kate kinabukasan. Una niyang naramdaman ang pananakit ng ulo na humupa rin naman pagkalipas ng ilang minuto.

She noticed that she was under a roof of banana leaves and beneath her were piles of more leaves. *Kung gayon dito pala ako natulog kagabi. Hindi ko namalayang inilipat pala ako ng estranghero dito.*

Nananakit ang kanyang likuran dahil hindi siya sanay na matulog sa ganoong klaseng lugar. Not that she was complaining. Para sa kanya, mas mabuti nga na may kasama siya roon sa isla. Kung hindi ay mamamatay talaga siya sa takot.

*Saan nga ba'ng isla ito?* tanong niya sa sarili.

Nagpalinga-linga siya at nakita ni Kate ang papalapit na estranghero. May dala-dala itong buko at nang makalapit sa kanya ay ibinaba nito ang mga iyon

sa kanyang harapan.

Umupo ito at kinapa ang likurang-bulsa ng pantalong suot. Nakita niyang inilabas nito ang isang swiss knife kaya hindi niya naiwasang kabahan.

*Wala akong kalaban-laban pag nagkataon.*

Pinakiramdaman niya ang sarili. Wala naman siyang nararamdamang kakaiba. Hindi naman siya nito siguro ginawan ng kung ano habang natutulog siya. But then it was better to be safe than sorry.

Tinapunan niya ng malisyosong tingin ang lalaki. Namula ang kanyang mga pisngi nang madiskubreng kanina pa pala siya nito pinagmamasdan habang tinatangalan ng husk ang bukong dala kanina.

Tinitigan ni Nick ang expressive na mukha ng babae at nabasa niya ang takbo ng isipan nito sa isang tingin lang... and he did not like what he was seeing.

*The damned prude...*

Ano ba ang akala nito sa kanya? Ni hindi nga ito nagpasalamat sa pagkakasagip niya rito. Kung hindi dahil sa kanya, malamang na palutang-lutang pa rin ito sa gitna ng dagat, or worse, nakain na ito ng mga pating.

But it was totally out of his character na sabihin pa iyon sa babae. After all, hindi niya kailangan ng papuri. Not from her or not from anybody else.

Iniabot niya rito ang isang buko. Nagdadalawang-isip man ay kinuha rin ito ng babae. "Why are my clothes dry?" she asked accusingly.

"Sa itinagal-tagal mo ba namang natulog, hindi pa ba matutuyo 'yan," sagot niya. Hindi balak ni Nick na sabihing hinubaran niya ang babae; he did not want any trouble.



“I beg your pardon?” Itinaas ni Kate ang baba. Hindi siya sanay na kinakausap ng ganoon. Ang mga kakilala niyang mga lalaki ay pulos gentlemen at nunca siyang pagsasalitaan tulad ng ginawa ng estranghero.

“Wala na akong sinabi. Inumin mo na lang ‘yan,” tukoy nito sa inabot na inumin. Tinungga nito ang sariling buko and Kate watched his adam’s apple moved. She saw it when the liquid traced a gentle path down the side of his mouth, into his chin and finally dripping into the dry, white sand.

She could not look away from his mouth as she clutched the fruit against her bossom. Something stirred inside her.

“Hindi mo ba iinumina ‘yan?” tanong nito sa nananahimik na dalaga. “What, hindi ka ba umiinom ng buko?”

His voice snapped her out of her reverie. “Umiinom!” medyo nagulat na sagot niya.

She drank a small amount of the liquid, pero nang makita niyang pinapanood siya ng lalaki ay pumihit siya patalikod.

Na-amuse tuloy ito. “Good! Dahil wala kang choice kundi inumin iyan. Wala na akong alam na makukuhanan ng inumin dito.”

Kate wiped her mouth with the back of her hand. “Where are we anyway?” usisa niya. Muli siyang nagpalinga-linga sa paligid. She would have admired the place under different circumstances.

He shrugged. “Wag kang mag-alala, nasa Pilipinas pa rin tayo.”

She merely looked at him. “Can you tell me what happened? Did we jump out of a ship or something?”


Wala kasi akong maalala. I can't remember a single thing at all. Basta ang alam ko lang, matagal akong nagpalutang-lutang sa tubig." She hissed in pain nang pilitin niyang alalahanin ang mga pangyayari. It was a long time before the pain finally subsided.

"Are you all right?" nag-aalalang untag ni Nick. Nakita niyang nawalan ng kulay ang mukha ng babae habang tutop ang ulo. It was a bad thing kung wala itong maalala, pero mas masama kung magkakasakit pa ito. Lalo pa nga at wala silang mahihingan ng tulong sa isolated na lugar na iyon.

"Yes, I'm all right."

Nick skeptically looked at her. "Do you remember what your name is?" he asked.





**N**aalala naman ni Kate ang pangalan niya. Ang aksidente lamang ang hindi niya maalala.

“Katalina Mendrez,” sabi niya sa lalaking naghihintay ng isasagot niya. “You can call me Kate. That’s what my aunts call me.”

“Katalina...” kunot-noong ulit nito. “Sino ba’ng nagpangalan sa ‘yo? Parang napag-iwanan ng panahon, ah!”

“So what? It’s *my* name, anyway. And how rude of you to say that.” Inirapan niya ito habang minamasahe ang sentido. Naramdaman niya ang mahapding sugat and she slightly touched it with the tip of her forefinger. “Ikaw, ano’ng pangalan mo?”

“Nick.”

“Nick what?”

“Just call me Nick,” supladong anito.

*Whatever!* Kung ayaw nitong sabihin ang buong pangalan, eh di, huwag! For all she knew, baka wanted pa ito sa PNP kaya ayaw sabihin ang apelyido.

“Naaalala mo ang pangalan mo, pero hindi mo ma-

recall ang aksidente. More likely nagkaroon ka ng partial amnesia dala ng shock at injury sa ulo. That must be the effect of the wound on your temple, right?”

“I don’t know. Pero siguro nga ay tama ka. Sa palagay mo ba, gagaling din ako agad?” inosenteng tanong ng dalaga.

“Don’t ask me, I’m not a doctor.”

*Fair enough*, aniya sa sarili. Bakit ba kasi ito pa ang tinanong niya?

“But you were lucky, you know,” patuloy ni Nick. “Palutang-lutang ka sa tubig with that wound on your forehead.”

“And?”

“You were an easy food for the sharks.”

Nanlaki ang mga mata ni Kate. Oo nga naman. Pero ngayon niya lang napag-isipan iyon dahil wala siyang malay sa halos buong panahon na iyon. At kung gising man siya, she was mostly preoccupied with pain.

Napabulong siya ng pasasalamat sa Diyos dahil hindi siya napahamak.

“Just thank your lucky stars.” Tumayo na si Nick at ibinulsa ang swiss knife sa pantalong maong. “Kaya mo bang mapag-isa muna dito? Kailangan kong pumasok sa gubat.”

“Ano’ng gagawin mo doon?”

Hindi natatanggal ang pagkakakunot ng noo ni Nick. “Ano pa, di, maghahanap ng makakain natin. Ikaw na muna ang magbantay dito at baka sakaling dumating ang mga rescuers.”

Pinilit tumayo ng nababaghang babae. “Sasama ako,” aniya pero umiling si Nick.

“Dito ka muna. Paano natin malalaman kung

dumating ang mga rescuers kung walang magbabantay? At isa pa, hindi mo pa kayang magkikilos. Magpahinga ka na lang muna dito. Next time ka na sumama kapag magaling ka na.”

“Eh, paano kung maligaw ka sa gubat? Wala na akong kasama dito pag nagkataon!” hintakot na aniya.

“Then pray that I won’t get lost.” Tumalikod si Nick at nagmamadaling tinungo ang gubat na pinanggalingan nito kanina.

Kate was left alone with her sentiments. Wala siyang magagawa kundi hintayin ang lalaking kasama. Sana lang ay dumating ito kaagad dahil natatakot siyang mag-isa. Isa pa, kumakalam na ang kanyang sikhura. In her present state ay kakainin niya kahit ano ang ihain sa kanyang harapan.

Then, another thought struck her. Saan kaya siya magbabawas? Naku naman, kaya nga ayaw niyang magsasali sa camping noong estudyante pa siya dahil problema ang palikuran. Mabuti na lang at umalis si Nick, medyo marami-rami rin ang nainom niyang sabaw ng buko.

Naghanap si Kate kung saan makakaihi. Pagkatapos niyon ay nagbalik para dagdagan ng maraming kahoy ang bonfire. Malay ba niya kung may dalang mailuluto si Nick mamaya, mas maganda kung may apoy na agad. Mabuti na lang at may pagkaing puwedeng makuha sa gubat na iyon.

Madaling umapoy ang mga tuyong kahoy. Dahil walang magawa ay muli siyang naupo sa silong ng lean-to. At that moment ay naisip niya ang pamilya.

“Siguradong nag-aalala na silang lahat sa akin,” bulong niya. She wanted to go home; gusto niya

nang umuwi sa probinsya. Hindi kasi siya sanay na nahihwalay nang matagal sa mga kamag-anakan.

Sana naman ay makaalis din sila agad sa islang ito. She hoped na dumating nga ang mga rescuers, o di kaya ay may maligaw na namamangka roon. Sa totoo lang ay hindi niya alam kung saang parte ng Visayas iyon. Basta ang alam ni Kate, galing siya sa Cebu at papunta sana sa Mindanao para sa isang voluntary work. Natatandaan niyang sumakay siya sa barko, pero hindi niya matandaan ang sumunod na mga pangyayari.

Siguro nga ay tama si Nick. Nagkaroon siya ng temporary loss of memory dahil sa trauma na inabot. O kaya naman ay nauntog ang ulo niya kaya may sugat siya.

At sino naman kaya si Nick? Tulad din kaya niya itong inanod at napadpad sa islang ito? Come to think of it, hindi niya natanong ang lalaki kanina tungkol sa bagay na iyon.

Bakit kaya ayaw nitong sabihin ang buong pangalan? Baka may itinatago nga ito sa kanya? Nakilala ba siya nito sa barko o rito na mismo sa isla?



Nadatnan ni Nick na nagmumukmok si Kate. Nakaupo ito sa buhanginan habang nakapatong ang baba sa tuhod. Naiinip na siguro ito sa paghihintay sa kanya dahil matagal-tagal din siya sa gubat. Nag-iingat kasi siyang maligaw kaya hindi siya mapadali.

Nagliwanag ang mukha ng babae nang makita siya. “Bakit ngayon ka lang?” tanong nito. Hindi katakatakang nag-alala ito, halos tanghali na kasi.

Ibinaba niya ang isang buwig ng saging sa tabi ng kanilang ‘bahay’. Halos kalahati ng mga ito ay hinog

pero ang iba ay berde pa. Itinabi niya roon ang ilang piraso ng kamote.

“Mahirap po kasing maghanap ng makakain, Your Highness,” turan niya sa nang-aasar na tinig.

“Don’t call me that!” depensa ni Kate.

Inilagay ng lalaki ang mga kamote sa baga ng bonfire. Pipitas na sana ito ng saging pero pinuna niya ito.

“Mamaya ka na kumain ng saging. Kapag inuna mo ’yang kainin siguradong mananakit ang tiyan mo mamaya.”

“Gan’un ba?” dismayadong sabi nito.

Pagkalipas ng ilang minuto ay naluto na ang mga kamote.

“There you go....” Iniabot ni Nick ang isang piraso ng kamote sa kasama. Tahimik silang kumain. Habang nagpapahinga ay pinag-aralan muli ng binata ang kasama.

Hindi napigilan ni Nick ang pagngisi. The woman appeared to be in her middle twenties, pero parang bata kung umasta. Kung minsan naman, manang na manang ang kilos nito.

He looked at her long skirt. Napaka-old fashioned ng style. Pati ang high-collared blouse na suot...

“Ano’ng tinitingin-tingin mo diyan?” puna ni Kate.

Masyadong disturbing ang mga tinging ipinupukol ng lalaki sa kanya. Malay ba niya sa takbo ng utak nito?

Tinuruan siya ng kanyang mga tiya na huwag magtitiwala sa kung sinu-sino at naniniwala siya sa mga payo ng mga ito. Sa pagkakataong ito ay mag-iingat talaga siya lalo na at hindi niya kilala si Nick.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kunot-noong tanong ni

Nick. She was looking at him like some wild animal. Ano ba talaga ang akala nito sa kanya, rapist?

Hindi siya sinagot ni Kate. Pero naramdaman niya ang paglayo nito, not physically though. She was regarding him with those suspicious eyes.

*Damn woman!*

Bahala itong i-torture ang sarili sa pag-iisip ng kung anu-ano.

He took a huge bite of his food to horrify her more. "What do you do for a living anyway?" His mouth was full of food when he asked her this.

Kate grimaced at the sight. Nevertheless, sinagot nito ang tanong niya. "I'm a pre-school teacher," taas-noong sagot nito. "Four years na akong nagtuturo and..." Itutuloy pa sana ng dalaga ang pagkukuwento pero natigil iyon dahil sa malakas na pagtawa ni Nick.

"I reckon..."

"May nakakatawa ba sa sinabi ko?" tanong ni Kate habang pinipigilan na mapikon sa kaharap. God save her, pero hindi niya maisip na magtatagal siya sa isla na ito ang kasama.

"Wala naman. Pasensya na. Really, you're a teacher?" Akala pa naman nito ay librarian. Kaya naman pala ganoon ang babae. It would not shock him kung nalaman nitong isang madre si Kate.

"Yes, I am. You think that's funny?" napipikong tanong ng babae. Umiling ito habang nakangiti pa rin. "Then, stop grinning like an idiot!"

"Yes, Ma'am!" Sumaludo ito.

Bakit ba iniinis siya ng lalaking ito? Talagang napipikon siya at namumula na ang kanyang mukha sa galit.



Tila hindi naman siya nito pansin habang umiinom ito ng buko juice. Naisubo niya nang naisubo ang kamote nang hindi namamalayan. Nahirinan tuloy siya. Kaagad namang iniabot ni Nick ang hawak na buko, pero tinanggihan iyon ng dalaga. Naghahanap ang mga mata niya, pero sa malas ay nag-iisa na lang pala ang bukong iyon.

“Inumin mo na ito. Bakit, ayaw mo bang makihati?” Muling bumalik ang kunot nito sa noo.

Dahil walang choice ay kinuha rin iyon ni Kate, pero bago inumin ay pinunasan muna ang opening ng buko, gamit ang laylayan ng palda.

Napamura si Nick nang lihim. *Pambihirang babae naman talaga ito!* naisip niya, *Mamamatay na, nag-iinarte pa!*

Hindi tuloy niya alam kung maaasar o matatawa sa inaasal ni Kate. Talaga bang ganito ang ugali nito? Mahaba-haba pa ang panahong makakasama niya ito, kung mamalasin.

Nilamukos niya ang mukha sa tindi ng frustration.

“May problema ba?” ani Kate; nagtataka sa problemadong anyo ng lalaki.

Umiling siya kahit gustung-gusto niyang sakalin ito. Tinapos ni Nick ang pagkain. “Puwede bang ikaw muna ang magbantay dito? I need to catch up with my sleep. In case you don’t know, halos tatlong araw na akong walang tulog.”

*No thanks to you.*

“Oh sure, sure... by all means.” Bahagyang umusog si Kate para makahiga nang maayos si Nick.

Sure enough, wala pang five minutes ay nakatulog na ang binata.

Kumain siya ng saging habang binabantayan ang karagatan, inaninag kung may paparating na tao o anuman. She tried not to think of the possible consequences sakaling magtatagal sila roon sa isla.

She never thought that she would be in that situation. Kung natuloy lang siya sa Mindanao, siguro ay masaya na siyang nagtuturo ngayon sa mga batang katutubo kahit pa nga isang buwan lang iyon. Pagkatapos niyon, masaya na siyang babalik sa probinsya para naman sa nalalapit na pasukan.

Obviously, may ibang balak si Lord kaya napadpad siya roon.

Bigla siyang napaigtad nang marinig ang paghilik si Nick. Tutop ang dibdib na sinulyapan niya ang natutulog nitong anyo. Hindi pa nasiyahan, nilapitan niya ito. She looked at his peaceful face. Nawala na ang kunot-noo nitong anyo.

Ewan ba niya, pero dalawang facial expression pa lang ni Nick ang kanyang nakikita: kung hindi siya nito pinagtatawanan ay seryoso ang mukha nito at magkasalubong ang kilay.

But then, napansin niyang matangos pala ang ilong nito, at ang hubog niyon? Perfect! Puwede itong modelo sa ads and magazines. Ngayon lang niya napansin dahil ngayon lang niya ito napagmasdang mabuti.

She also saw the signature clothes he was wearing. Although his clothes looked ragged and worn in certain areas, he carried it well. She blushed nang mapansin ang trim torso ni Nick. Tila kay sarap humilig doon.

*Ano ba 'tong ginagawa ko?* aniya sa sarili.

Kung makikita lang siya ng kanyang mga tiyahin sa sitwasyong ito, tiyak na makakatikim siya ng sermon.

Lumayo siya sa natutulog na lalaki. Pinilit niyang ibaling sa ibang bagay ang isipan.

Bukas, paggising niya kinaumagahan ay pipilitin niyang may magawa para sa kanilang dalawa ni Nick. Nakakainsulto naman sa parte niya na ito na lamang ang lagi niyang inaaasahan sa lahat. Dapat talaga ay magkatulong sila.

Siguro naman ay babalik na ang sigla niya bukas. All she had to do was rest well tonight at pagkatapos ay maghahanap siya ng pagkain first thing in the morning.

*Hay, kailan kaya kami makakauwi?* muli niyang naisip.

Kaya pa siguro niyang magtiis ng ilang araw, pero kung mas tatagal pa ay napakalaking problema na. Unang-una ay wala silang extra na damit. Paano sila magpapalit? Siguradong mamamaho sila at matutuyuan ng pawis. Isa pa, problema nila ang tubig, paano sila maliligo? Alangan namang pulos tampisaw lang sila sa dagat? And...

*Shucks, pa 'no ako magtu-toothbrush ngayon?*

Kamote pa naman ang kinain nila kanina.

*Goodness!*

Paano ba siya magtatagal sa isang lugar na napakalayo sa sibilisasyon?

*Oh, God. Sana naman ay may dumating na tulong para sa amin.*

Lalo siyang naging miserable sa paglipas ng oras. Naiinip na tuloy siya dahil wala siyang makausap. Hanggang ngayon ay tulog pa rin si Nick.

“Kawawa naman pala siya at ilang araw nang walang tulog,” bulong niya sa sarili habang pinagmamasdan ito.

Mayamaya pa ay nakaramdam siya ng antok. Nag-

decide siyang mahiga muna para makapagpahinga, pero hindi niya namalayan nang pumikit ang kanyang mga mata sa sobrang pagkahapong naramdaman.



It was late afternoon nang magising si Nick. Una niyang napansin ang dalaga sa kanyang tabi.

*Nakatulog din pala, sabi niya sa sarili.*

Siguro ay mabigat pa rin ang pakiramdam nito dahil sa nananakit na ulo. Dapat siguro ay mas maging pasensyoso siya kay Kate. Naisip niyang baka nagtatataray lang ito dahil masama ang pakiramdam.

She looked so tired even when sleeping. There were black circles around her eyes at lalo pa siyang nakonsyensya nang makita ang sugat nito.

His heart softened at the sight of her. He did not know why he felt a stirring within his chest. Dahil siguro napakainosente nitong tingnan na animo batang natutulog.

He stood up at nilagyan ng kahoy ang bonfire. Balak din niyang kumuha ng buko para may inumin sila ni Kate. Anyway, he got all the time in the world now. At isa pa, siguradong siya ang magbabantay mamayang gabi dahil kailangan niyang pagpahingahin ang babaeng may sugat sa ulo.



Somewhere in a high-rise building in Makati, Aura Nicodini, Lincoln Marfori's young and astute secretary, abruptly knocked at his office door.

Bhirang magulumihanang ang kanyang sekretarya sa kahit anong usapin, kaya sadya niyang ipinagtaka ang inaakto ng babae ngayon.

Pinapasok ito kaagad ni Lincoln kahit may kausap pang business associate sa telepono.

“What is it?” tanong niya sa empleyada matapos ibaba ang telepono. Halata sa anyo nito ang pag-aalala na lalo niyang ipinagtaka.

“Have you seen the news on television, Sir?”

“No, no. Wala akong oras kaninang umaga. Sabihin mo sa akin ang tungkol doon.” Ipinatong niya ang siko sa ibabaw ng kanyang work table.

“Naalala kong nabanggit ninyo ang tungkol kay Sir Nick n’ung isang araw, about him going to a certain place in Mindanao...”

“What about it?”

“Yung pong *The Marina*. Lumubog po ito kaninang umaga.”

“What the hell!” The woman jolted at his loud exclamation, pero pagkatapos ng initial surprise ay tahimik lang itong naghintay sa kanyang iuutos.

Lincoln was speechless after that. Inaalala niya ang kalagayan ng kapatid na alam niyang lulan ng barko. Alam niya ang tungkol doon dahil may communication pa rin sila ni Nick kahit nang umalis ito sa kanila at magpakalayo.


For a moment, fear almost overwhelmed his cool facade. Pinilit niyang kontrolin ang sarili sa harapan ng sekretarya.

Did something terrible happen to his younger brother? Ayaw niyang isipin ang gayong posibilidad.

“Ms. Nicodini, connect me to Captain San Carlos please.”

“Right away, Sir.”

*Just hold on, Nick...Please hold on*



U maga kinabukasan nang magising si Kate. Lumiliwanag pa lang ang paligid at nakita niyang nakatulog na sa kanyang tabi si Nick.

Mabilis siyang lumayo at nilanghap ang sariwang hangin. Kahit nananakit pa rin ang kanyang ulo, tolerable naman iyon kumpara noong nakaraang mga araw. At kahit paano, nakapagpahinga siya nang mabuti sa nakalipas na gabi.

Naalala niya ang balak na food hunting. Oo nga pala, kailangan niyang kumilos ngayong araw. Natutulog pa rin si Nick kaya napagpasyahan niyang huwag na itong istorbohin pa. Dali-dali niyang tinahak ang direksyong pinupuntahan nito.

Hindi pa masyadong maliwanag ang paligid pero naaaninag niya ang daraanan papasok sa gubat. She chose the left path at pinagmasdang mabuti ang paligid para hindi siya maligaw. Anyway, wala naman siyang balak na magpakalayo or what. Takot pa rin siyang mag-isa.

Tiningnan niya ang matatayog na puno. Unti-unti

nang nape-penetrated ng sikat ng araw ang gubat at ilang minuto pa ay liliwanag na talaga. Pero hanggang ngayon ay wala pa rin siyang nakikitang fruit trees na pagkukunan ng pagkain.

*Napakahirap naman palang maghanap ng makakain dito!* reklamo niya sa sarili. Mayamaya pa ay nakakita siya ng isang natumbang puno sa di-kalayuan. Nilapitan iyon kaagad ni Kate at anong gulat niya sa nakitang tumutubo sa tabi niyon—mushrooms!

Napakarami niyon at tuwang-tuwa siyang kumuha ng ilan. Nilagay niya ang mga iyon sa isang malaking dahon at kahit napakarami nang nakuha ay hindi man lang iyon napangalahati. Siguradong magugulat si Nick.

*Hah! Akala siguro niya'y hindi ako marunong maghanap ng makakain!*

At least may nagawa rin siya para sa kanilang dalawa. More than that, she was able to find these mushrooms in less than an hour! Samantalang si Nick ay inaabot pa ng ilang oras sa pagkuha ng kamote...

She was singing happily when she exited the forest.



Napaigtad si Nick nang mapansing wala si Kate sa kanyang tabi. Agad siyang tumayo at hinanap ito sa buong paligid, pero sa malas ay hindi ito nakita.

*Dammit!* Saan kaya ito nagpunta?

Narinig niya ang tinig nito mula sa likuran. Sinundan niya ng tingin ang pinagmumulan ng ingay. At si Kate nga ang paparating.

She was walking toward him at may hawak na kung ano. He could not tell exactly what it was because of the distance, pero kitang-kita niyang nakangiti sa kanya ang babae. Funny, but she seemed so nice and oozing with

energy today, hindi tulad kahapon. He could tell even with her shambling manner of walking.

“Just what do you think you’re doing?” tanong niya nang makalapit ito. Even his angry voice did not bother her. In fact, she was looking at him na animo nakaisa ito.

“Look!” Inilahad nito sa kanya ang laman ng malaking dahon.

“And what’s that?” Humalukip siya habang walang interes na pinagmamasdan ang ipinakita ng dalaga.

Sumimangot si Kate. “Mushroom ’to, hindi mo ba nakikita? I found it somewhere there.” Itinuro pa nito ang lugar na pinanggalingan.

Napabuntong-hininga si Nick. Natuwa siya sa gesture, pero pinakaayaw niya sa lahat ay iyong pinag-aalala siya.

“You shouldn’t have gone there in the first place,” malumanay niyang paliwanag.

Inaasahan na niya ang magiging reaksiyon ni Kate. “Hindi naman ako nagpakalayo, eh! At kaya ko naman ang sarili ko. Hindi ka man lang ba natutuwa dahil tinutulungan kita?” She raised her chin.

Hindi tuloy alam ni Nick ang sasabihin. Well, maybe an ounce of the truth would not hurt this proud woman. Napangiti siya.

Kinuha ni Nick ang isang piraso ng mushroom at inilapit iyon sa babae. “See this ring under the umbrella? It’s called ‘annulus’.”

She just looked at him. “O, eh, ano naman ngayon?”

“Kadalasan sa mga mushrooms na may annulus, hindi nakakain. And based on this one’s appearance, poisonous talaga ito.”



Kate's mouth dropped open. *You've got to be kidding!* Nagpakahirap siyang kunin ang mga iyon, pero wala ring silbi?

Naaawa man sa hitsura ng dalaga ay wala nang magagawa si Nick. Pero mabuti na rin iyon para hindi ito kung saan-saan nagsusuot. That forest was a dangerous place at hindi nila alam kung ano ang puwedeng mangyari rito kung hahayaan niya itong magliwaliw roon. Mabuti na ang nag-iingat.

Tinalikuran niya ang hindi makaimik na babae, but before that, he gave one parting shot. "Don't do anything stupid again, okay?"



They were eating grilled fish and she was watching Nick from the corner of her eyes. Naiinis pa rin siya sa nangyari kaninang umaga kaya hindi niya ito pinapansin. Ganoon din ito sa kanya. Kaya lang ay hindi siya sanay na walang kausap kaya nilunok na lang niya ang pride.

"So what do you do, Nick?" tanong niya sa nabiglang lalaki.

"What do I do what?"

"I mean, ano'ng trabaho mo bago ka napadpad dito sa isla?" She ate a morsel of the grilled fish and she appreciated its fresh taste.

"Nothing... everything." He shrugged.

"Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Ginagawa ko kung ano'ng gusto kong gawin. Kahit ano, kahit saan. I'm just a drifter, you know..."

Kaya siguro weird itong kumilos, naisip ni Kate. Kaya lang, parang may hindi tama sa sinasabi ng lalaki. For one thing, mukha itong edukado kahit pa nga may

pagkamagaspang ang ugali kung minsan. Gayunpaman, mukha naman itong mapagkakatiwalaan.

What did she know about men anyway? Tulad nga ng sinabi nina Aunt Cornelia at Aunt Calandra niya, hindi mapagkakatiwalaan ang mga lalaki. Kaya nga hindi na nagsipag-asawa ang mga ito dahil walang tiwala sa opposite sex.

Tinanong niya ulit si Nick. “How about your family? Nasaan sila?”

“I don’t want to talk about them.”

*Huh? At bakit naman kaya?* Na-curious tuloy siya rito. “Alam mo, kakaiba ka talaga,” hindi napigilang komento niya.

“Nope. Mas kakaiba ka.” And he meant what he said.

Kakaiba talaga si Kate. Marami na siyang nakilalang babae. Iba-ibang ugali, but all of them were worldly and sophisticated. Nagsawa na siya sa ganoong klase.

Siguro ay nakakasawa lang talagang tumakbo at umiwas. Tulad nga ng sinasabi ng marami, nakakaumay ang isang bagay kapag sobra. Lalo na at alam niyang gusto lang siya ng mga ito dahil sa kung ano ang mayroon siya at anong maibibigay niya, at hindi sa kung sino talaga siya.

Kaya siguro komportable siya sa presensya ni Kate. She was more of a child than a woman. At sigurado siyang hindi siya nito hahabulin, given her general idea of men.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” She pouted and Nick was mildly entertained.

“Wala naman.” Minabuti niyang ibahin ang paksa. “Tell me about your family. May nag-aalala bang pamilya sa pagkawala mo?”

Nalungkot muli si Kate pagkaalala sa kanyang pamilya. She put down the food she was holding and placed her chin atop her knees. “Actually, Aunt Cornie and Aunt Callie would be worried about me,” seryosong pahayag niya.

Nick’s mouth twitched in amusement. He swallowed hard to prevent laughter from coming out of his lips. “And who are they?”

“Well, sila na nag-aruga sa akin mula nang maulila ako. Sila ang nag-alaga at nagpaaral sa akin. They treated me like their own daughter, you know.”

“Let me guess. Parehong matandang dalaga ang mga tiya mo, tama ba?”

Kate raised her gaze to his face in amazement. “Well, yes! Paano mo nalaman?”

*Obvious naman*, sasabihin sana niya pero hindi na itinuloy.

“Just a lucky guess,” tugon na lang niya. Obviously, masyadong pinrotektahan ang dalaga from the outside world. “Can I ask you something?”

Kate cautiously regarded Nick. “Depende sa tanong mo,” aniya. “Ano ba ‘yun?”

“Wag kang mag-alala madali lang ang itatanong ko. How old are you, Kate?”

“Yun lang pala eh. I’m twenty-five, why do you ask?”

“Wala naman.” *Mas mukha kang twenty-two.*

“How about you, Nick?”

“Four years your senior,” sagot niya.

“Ah, okay.” Muling kinuha ni Kate ang grilled fish at kuntentong kinagatan. Gusto sana niyang tanungin si Nick tungkol sa sarili nito, kaya lang ay napakatipid nitong sumagot. Baka sabihin pa nitong masyado siyang pakialamera kapag masyado siyang nag-usisa.

In contrast to what she was thinking, gusto itong kausap ng binata. Nick could not help comparing this innocent little chic to the women he had known. Kinukulit siya ng ibang babae about love, money and babies, pero tila walang interes si Kate na i-harass siya sa kahit anong bagay. Puwera na lang siguro kapag iniinis niya ito.

“And where’s your boyfriend?” Nabigla si Kate sa tanong na iyon ni Nick.

“I don’t have one,” she casually replied.

*Just as I thought.* “Have you ever had one?”

Namula ang mukha nito. “Of course! Kaya lang, naghiwalay din kami agad. He wanted to take me to America, you see. But I don’t want to. I mean, I have a life here and I don’t want to leave my aunties nang dahil lang kay Jake. Anyway, matagal nang nangyari ‘yun.”

“It’s obvious that you didn’t love him.”

Pinanlakihan siya nito ng mga mata. “Of course I did! And what do you know about my feelings!”

*I know enough.* “Nothing. I just thought if you’ve loved him enough then, hindi tayo magkikita ngayon dito. You would’ve gone with him to America, your aunties be damned.”

“You know what? By rights I should be angry with you. Pero siguro magkaiba lang tayo ng values.” Sumeryoso ang mukha nito. “Kung sumama ako kay Jake, para ko na ring binale-wala ang mga taong nag-aruga sa ‘kin. I don’t know about you, but that’s not the way things work for me.”

“You just don’t understand what I’m trying to say, do you?” Tinitigan niya ito nang maigi.

“Hay naku, ewan ko sa ‘yo!” She chewed her food thoughtfully. “Tekang, you seem to know everything...”

Psychologist ka ba or what?”

“Not really. What I know I learned from *experience*,” ngumisi ang binata, “of which I’m sure, you have none.”

Pinamulahan ng mukha si Kate sa double meaning ng sinabi ni Nick. Nevertheless she was outraged. “Is that the proper way to talk to a lady? Iniinis mo ba talaga ako?”

“Me? Of course not. What for?” But deep inside, alam ni Nick na inaasar niya talaga si Kate. Maybe it would not hurt to rattle the woman now and again. She needed to let her guard down sometimes. “No use in that.”

He wondered, how far could he go in rattling her?

“Alam mo, nagtataka ako sa mga babaeng nagkainteres sa ‘yo,” biglang sabi ni Kate. Somehow, she had to get back at Nick. Hindi puwedeng siya na lang nang siya ang nakukunsumi nito!

Ngumisi ito. “And you’re suddenly curious now?”

“Don’t be so pleased with yourself. I was rather questioning these women’s sanity.” Iwinasiwas ni Kate ang mga kamay. “I mean, look at you! Sino ba namang babae ang papatol sa isang tulad mo na mayabang? At hindi lang ‘yon, ha? Saksakan pa ng kagaspangan ng ugali!”

“What I lack in virtue, I try to make up in bed.”

Her eyes went wide and her jaw dropped open. She could not believe her ears. Surely, hindi niya kayang makipagtalo rito.

Hindi kaya ma-corrupt ang isip niya sa convoluted thinking ng lalaking ito?

“Hindi lang mayabang at magaspang ang ugali, idagdag mo na ang ‘bastos’ sa listahan mo,” aniya.

First thing she would do kapag nakaalis sa islang

iyon ay mag-confess kay Rev. Carlos.

On the other hand, parang wala naman kay Nick kahit nanggalaiti siya sa galit. Marahang tinungo nito ang lean-to. Humiga ito at inilagay ang mga kamay sa ilalim ng ulo pagkatapos ay nag-inat ng katawan.

“You’re not the first to praise my *virtues*, Kate. Can’t say I’m surprised,” sabi nito.

Umirap siya. “Sa palagay ko nga. Ako nga ang nasosorpresa because you just don’t care sa sasabihin ng ibang tao. Are you always like that?”

“You mean, am I always numb to critics like you?”

“I’m not criticizing you, I’m just telling the truth.”

“You are? Let’s see. Ilang araw na ba tayong magkasama? Almost two days? Tama. You don’t even know anything about me, yet, you’re criticizing my character? You’re quick to judge, Kate.”

Na-bull’s eye niyon ang dalaga. *Oo nga naman...*

“Fair enough,” aniya. “But I won’t say sorry kasi ikaw naman ang may kasalanan. Anyway, you haven’t answered my question. Manhid ka nga ba?”

“Sometimes.” Nick yawned sleepily. “You have to be numb sometimes or else, you’ll not survive in this world.”

At may pagkamalalim rin pala si Nick? Siguro nga hindi niya ito dapat husgahan nang basta-basta. Tatal naman mukhang matino ang lalaki kahit pa nga hindi niya ito maintindihan kung minsan. Siguro hindi niya lang ito masakyan dahil hindi siya sanay na makihalubilo sa ibang tao, lalung-lalo na sa mga lalaki. Come to think of it, hindi naman siya pinababayaang nito kahit ganoon ito. Lalo na sa sitwasyon nila ngayon.

Pero kahit na nagbabago pa ang tingin niya kay Nick, hindi ibig sabihin na nagtiwala na siya rito one

hundred percent. He still would have to earn her trust.

Nakapikit na si Nick at kampakanteng nakahiga sa silong ng lean-to. “Puwede bang matulog na ngayon, Your Highness? Nakakapuyat kasing magbantay buong gabi,” usal nito. Even as he was saying this, unti-unting humihina ang boses nito na animo pagod na pagod.

“Go ahead,” sagot ni Kate.

Anyway, mas maganda nga kung matutulog muna ang lalaki ng ilang oras. Mas matatahimik ang loob niya dahil hindi niya kailangang makipag-argumento rito. Isa pa, may balak siyang ituloy ang binabalak na food hunting. Kahit pa nga naiinis siya dahil sa nangyari kanina ay hindi pa rin siya pinanghihinaan ng loob. Iniisip pa lang niya ang patutsada ni Nick ay parang lumalakas na ang kanyang loob.


Hah! In the end, makikita rin nitong hindi siya ang tipo ng babae na lalampa-lampa at umaasa lang dito.

Mabuti na lang at natutulog na ang binata dahil kung hindi ay hindi siya makakaalis sa kinaroroonan.

Eh, ano naman ngayon kung binawalan siya ng lalaki? Hindi ibig sabihin niyon ay susundin niya ang lahat ng ipinag-uutos nito.

Pinalipas niya muna ang ilan pang minuto. Nang makasigurong mahihimbing na ang lalaki, she tiptoed silently away from him. Pagkatapos ay tinalunton niya ang daan papasok sa gubat. Pupuntahan niya ang pinanggalingang lugar kanina. Tatal naman ay galing na siya roon, hindi siya gaanong maninibago o mahihirapan.

Siguradong magagalit na naman si Nick mamaya, naisip niya. Hindi pa man ay nangingiti na si Kate sa magiging reaksyon nito.



Sa dulo ng pribadong daan ay mataas at sementong pader na may steel gate. Kusang bumukas ang tarangkahan matapos tumutok sa kanila ang revolving camera na nakapatong sa haligi niyon.

Lianne was transfixed when she saw the breathtaking landscape. Nalalatangan ng rust-colored bricks ang daan papunta sa napakalaking bahay. Sa gilid ng daan ay may nakatanim na mga halaman na yellow at white ang mga dahon. Sa kanang bahagi ay may mahabang trellis at may gumagapang na makukulay na bulaklak dito. Namangha siya sa dami ng butterflies sa bahaging ito, iba-iba ang kulay at laki.

Sa kaliwang bahagi ng daan ay may isang gazebo. Its elegant structure created an open-air space. Gawa ito sa makintab na metal. Ang bubong ay may palamuting metal na korteng crown. Ang walong haligi nito ay may mga gumagapang na vines na nagbibigay ng shade sa init. May dalawang malaking urns na nagsisilbing entrance way nito. Hindi maiwasan ni Lianne ang humanga, sa mga foreign channels lang siya nakakakita



ng ganitong klaseng bakuran.

Ang malaking bahay ay nakatayo forty meters from the gate, isa itong mansion na Italian-inspired. It looked very imposing, hindi niya napigilan ang mag-alangan. “Harold...”

Hinawakan nito ang nanlalamig na kamay ng katipan. “Relax, wala kang dapat ipag-alala. Kasama mo naman ako.”

Pinilit niyang ngumiti. “Ang laki ng mansion ninyo! Ilan ba ang rooms niyan?”

“Eight sa third floor, tig-anim sa second floor at ground floor. Twenty rooms lahat. Your room will be on the third floor,” sagot nito.

“And where will you be?”

“Nasa second floor ang room ko at ng mga kapatid ko at dalawa pang guest rooms. Sa ground floor naman ang kuwarta nina Papa at Mama at may dalawang servants’ quarters, ang gold at blue rooms. Ang nasa third floor ay guest rooms lahat.”

Halata kay Harold na sanay sa marangyang buhay pero hindi naman ito snob at matapobre. Mabait, maalalahanin at malambing ang binata. Sa loob ng dalawang taon nilang mag-boyfriend ay wala silang pinag-aawayan. Kunsabagay, once a week lang silang nagkakasama nang matagal, kapag day-off ni Harold. Kadalasan ay nagsasabay lang silang kumain ng lunch o dinner pagkatapos ay naghihiwalay na.

Resident surgeon sa isang malaking private hospital sa Makati ang kanyang nobyo. Last year na nito roon. Si Lianne ay medical representative sa isang kilalang pharmaceutical company at ang ipino-promote niyang gamot ay para sa surgery patients kaya sa mga surgeons

siya nagco-cover.

Dito niya nakilala si Dr. Harold Ruzio. Unang araw niya sa field at ang lalaki ang unang doktor na nakausap niya. Kabado siya sa pag-present ng product at medyo nanginginig pa ang boses niya, pero ang ngiti at pakikinig nito ang nagpakalma sa kanya.

Nakapalagayan niya ng loob ang binata at simula noon ay nagre-request ito ng lunch every week na kasama siya. Nauwi sa panliligaw ang lunch dates nila. Nang mahulog ang loob niya sa surgeon ay sinagot niya ito.

Si Harold ay first boyfriend niya, her first love. Kahit na wala pa siyang ibang mapagkukumparahan, pakiramdam ni Lianne ay napakasuwerte niya sa binata. Hindi ito katulad ng boyfriends ng co-workers niya na dominante at mayabang.

Wala siyang masabi sa ugali nito. He was a perfect boyfriend. Added bonus na ang pagiging guwapo nito. Matangkad, fair-skinned at striking ang mukha ng nobyo. Agaw-pansin ang mukha nito dahil may dugong Español ang pamilya nito.

Dalawang beses pa lamang niya nakikita ang pamilya ni Harold, iyon ay tuwing birthday nito. Malamig ang pakikitungo ng mga ito sa kanya. Sinabi naman ng binata na ganoon lang daw talaga ang mga ito kasi hindi pa siya kilala.

Ang pamilya Ruzio ay kabilang sa tinatawag na 'old money.' Simula sa mga ninuno ay mayaman na at kilala sa lipunan. Ang papa ni Harold ay congressman at ang panganay na kapatid nito ay mayor ng bayan ng Pitogo, sa lalawigan ng Quezon.

Naiilang ang dalaga sa pamilya ng kasintahan. They

were always polite to her, but it was obvious that she did not belong with them.

Siguro dahil sa kanyang simpleng pinagmulan. Taaga-Pasig sila. Wala silang matatawag na probinsya. Dalawa lang silang magkapatid. Maliit pa sila ay iniwan na sila ng tatay niya. Mananahi naman ang nanay niya. Napagtapos siya nito ng BS Biology sa *UP Manila*. Hindi ikinakahiya ni Lianne ang simpleng pinagmulan niya kaya lang ay parang iba ang tingin ng pamilya ni Harold sa kanya dahil doon.



“They’re here,” sabi ni Irene, ang bunsong kapatid ni Harold. Nakasilip ito sa bintana at nakatingin sa kadarating na magkasintahan.

“I can’t bear to look at them. I can’t bear to see Harold loving another woman.” Hindi mapigilan ni Ava Capistrano ang manibugho. Masakit sa dibdib niya ang sweetness na ipinapakita ng lalaki kay Lianne. “Akala ko ba fling lang siya ni Harold?”

“That’s what we thought at first, but it’s been two years.” Nagkibit-balikat ito. “I don’t know what Harold saw in her. She’s so unsophisticated! And I heard she’s some kind of a saleslady. And Harold is a surgeon, for God’s sake!”

“Oh, God! What if he marries her?” nagpa-panic na tanong niya. Harold was the love of her life, he was her everything! Hindi nga lang siya napapansin ng binata. He treated her like a sister. Nag-aral siya ng Medicine nang malaman niya na nasa medical school si Harold, umaasang mapapansin na siya nito. Pero walang epekto. She wanted him so badly and she had been waiting for a long time.

“Nagwo-worry na din sina Mama. That’s why they invited her here. She said we should do something. And if you want Kuya Harold very bad, we better have a plan!”



Magkahawak-kamay na naglakad sina Harold at Lianne palapit sa front door. Kaagad na bumukas ang pinto at sumalubong sa kanila ang isang may-edad na lalaki na nakasuot ng all-black uniform.

“Good afternoon, Sir Harold, Miss Lianne. Naghihintay na sina Don Frederico sa blue room,” anunsiyo ni Lucas, ang mayordomo.

“Salamat, Lucas,” nakangiting tugon ni Harold. Saglit na nagkumustahan ang dalawang lalaki bago nila iniwan ang matanda.

Inalalayan siya ng nobyo papunta sa naghihintay na mga magulang. Elegante ang loob ng bahay. Panay mamahaling furniture at figurines ang naka-display. May crystal chandelier sa ceiling at candle bulbs sa mga dingding. Hindi ma-imagine ni Lianne na titira siya sa ganitong bahay; hindi siya komportable, baka makabasag siya.

Pumasok sila sa isang room na relaxed ang ambiance. May dalawang mahabang sofa na nakaayos sa L-shaped pattern. Sa gilid ay may isang baby grand piano at mayroong bar sa tapat niyon. May loveseats sa kabilang panig ng sofa na nakaharap sa wide screen TV. May mga mamahaling rugs din na nakakalat sa iba’t ibang parte ng room.

Magkatabing nakaupo sa sofa ang mga magulang ni Harold, parehong nagbabasa. Tumuon sa kanila ang mga paningin ng mag-asawa nang pumasok sila sa silid.

Lumapit sila sa mga ito.

“Hijo, you made it,” bati ni Don Frederico.

“Masyadong ma-traffic ngayon, Papa. I missed you, Mama,” sabi ni Harold saka humalik sa pisngi ng mga magulang.

“I missed you, too, hijo,” sagot ni Doña Martha.

“Good afternoon po,” bati ni Lianne sa mag-asawa.

“Good afternoon din, Miss Martin. Welcome to our house,” pormal na bati ng ama ni Harold.

“Thank you po. And thank you for inviting me to your home, Don Frederico, Doña Martha,” pormal din na sagot ng dalaga. Hindi pa rin nagbabago ang pakikitungo sa kanya ng mag-asawa. Polite and cold.

May pinindot ang doña at kaagad na pumasok sa silid si Mang Lucas.

“Lucas will show you to your room. You can rest for a while. Dinner will be at 6:00 p.m. sharp. It’s a formal dinner. I hope you brought a formal dress, Miss Martin,” baling nito sa kanya.

Napatingin siya kay Harold. Wala siyang dalang formal dress. Ang sinabi lang nito sa kanya ay uuwi sila sa family home ng mga Ruzio dahil wedding anniversary ng mga magulang at dalawang araw silang magre-relax doon.

“Damn! I’m sorry, sweetheart, I forgot to tell you. Don’t worry, we’ll go back to Lucena and buy your dress,” mabilis na solusyon ng nobyo sa problema.

“If you do that, hindi kayo aabot sa dinner,” may tampong sabi ni Doña Martha sa anak. Tinapunan siya nito ng nagyeyelong tingin. “Ngayon lang ulit umuwi dito si Harold kaya excited ang lahat na makita siya. I hope you understand.”

“We’ll just go to Gumaca then, Mama. We’ll be back. There’s still plenty of time before dinner.”

Umiling ang ina nito. “I don’t want to take that chance. She can borrow a dress from Irene. They are the same size,” pinal na sabi nito pagkatapos ay bumaling sa kanya. “I hope that’s okay with you, Miss Martin? I don’t want Harold driving unnecessarily when he’s already tired.”

“Yes, Doña Martha, it’s fine with me.” Siya ba ang pinapatamaan nito na ‘unnecessary’? Iba na ang pakiramdam ni Lianne. Mas ramdam niya ang kalamigan nito.



Maganda ang silid na ibinigay sa kanya, old rose ang motif, very feminine. May queen-size bed sa gitna, may sheer white lace na naka-hang sa kisame pababa sa kama, nakasakop sa buong highaan ang stylish version ng kulambo.

Lianne felt like a princess sa karangyaan ng kuwarto. Makapal ang carpet, masarap sa paa. Lumakad siya palapit sa bintana at naupo sa loveseat. Nahigit niya ang paghinga, ang nasa likod ng mansion ay dagat at tanaw niya ang mapuputing buhangin sa beach nito.

Ayaw man niyang iwan ang bintana ay pinilit ni Lianne ang sarili na ayusin ang gamit. Kinuha niya ang bag para ilabas ang cellphone, pero nagtaka siya kung bakit wala roon ang aparato. Hinalungkat niya ang gamit, wala talaga. Bigla ay naalala niyang nag-low batt iyon kaya na-charge niya ito sa car charger. Naiwan niya ito sa kotse ni Harold!

Bumaba siya kaagad para kunin ang cellphone sa

sasakyan ng nobyo. Baka tumawag ang boss niya. Wala pa naman itong pakialam kung weekend man o holiday, basta kapag tumawag, kailangan niyang sagutin. Wala siyang nakasalubong na tao pagbaba niya sa second floor at sa ground floor.

Nakarating siya sa garahe. Mabuti na lang at hindi naka-lock ang kotse ni Harold at nakuha niya ang kanyang phone. May dalawa siyang missed calls. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang ang kapatid niyang si Anthony ang tumawag.

Nag-return call siya sa kapatid. Ipinaalala lamang nito na kailangan nito ng pera para sa babayaranang project sa Lunes.

Third year college na si Anthony sa kursong Dentistry sa *UP Manila*. Siya ang nagpapaaral dito. Mabait at matalino ang kapatid niya. Madami itong pangarap sa buhay kaya tutok sa pag-aaral. Katulad niya noong college siya.

Paakyat na si Lianne sa second floor nang marinig ang boses ni Harold, sinundan niya iyon. Nasa blue room pa rin ito. Papasok na sana siya roon nang marinig niya ang kanyang pangalan.

“Lianne is a nice girl, Papa. She’s perfect for me,” sabi ng nobyo niya.

“No, she’s not. Her background is not suitable. She came from a broken family and she lives in a squatters’ area,” malakas na tutol ni Don Frederico.

“Papa, don’t tell me you had her investigated!” dismayadong turan ng binata.

“Of course not,” mabilis na tanggi nito.

“And that’s not important,” singit ni Doña Martha. “You know already who’s perfect for you, hijo. Why do

you keep fighting it? She's not going to wait forever, you know."

"And why do you keep pushing Ava to me? She's just a friend!"


"She's more than that and you know it. So stop being so bullheaded. The sooner you accept that, the lesser the pain for the people involved," siguradong pahayag ng ina nito.

Hindi na kayang makinig ni Lianne. Mabilis siyang bumalik sa kanyang silid. Nanghihinang napaupo siya sa kama. Hindi niya ikinagulat na ayaw sa kanya ng mga magulang ni Harold, nararamdaman niya iyon.

Pero sino si Ava sa buhay ng katipan? Wala itong naikukuwento sa kanya tungkol sa babaeng ito. Napuno ng kaba ang kanyang dibdib.







**D**ammit! He forgot about his parents' anniversary. Kababasa lang ni Ash ng text message ng Kuya Daniel niya, nagtatanong kung nasaan na siya at nagpapaalala na ang party ay gaganapin sa alas seis ng gabi. It was already four in the afternoon. The earliest time he could be home was ten at night. Double damn! Magtatampo ang mama niya. How could he forget? Iniiwasan pa naman niya na magtampo ang ginang dahil may tampo pa ang papa niya sa kanya.

Siya, si Ash Ruzio, ang happy-go-lucky na anak nina Don Federico at Doña Martha, ay walang panahong maglaro. He was so busy with work. He owned a photo agency together with his two close friends. They accept event and commercial photography, video production, media distribution, design services and print management.

Silang tatlo ay fashion photographers. Tumatanggap din sila ng individual work pagdating sa fashion advertising, art photography at celebrity portraiture. Pero nitong nakaraang buwan ay madami silang

kontrata kaya subsob sila sa trabaho. He loved and enjoyed his work but he needed a vacation. Nagpaalam siya sa kanyang mga kaibigan na magbabakasyon muna nang isang buwan.

His last vacation was five years ago. Silver wedding anniversary ng parents niya noon. Dito nagtampo ang papa niya sa kanya. Ang hiningi nitong regalo ay ang pumasok siya sa pulitika. Tahasan siyang tumanggi dahil wala siyang hilig sa pulitika, bukod pa roon ay katatayo pa lang ng photo agency nilang magkakaibigan. Kailangan ang buong atensyon niya habang pinapalago ito.

Ngayon lang ulit niya makakaharap ang ama, masama pa kaya ang loob nito? Sana naman ay hindi na.

Ash realized that he missed his home. He missed the sound and smell of the sea and the slap of waves on the sand. He was already looking forward to his early morning swims.



Nagulat si Lianne sa sunud-sunod na katok sa pinto ng inookupa niyang silid. She opened the door, expecting to see Harold. Si Irene ang nasa labas, may dalang tatlong dresses na naka-hanger.

“Mama sent me here with these dresses. Pumili ka ng isusuot mo for the party later,” pagbibigay-alam nito.

“Thank you for lending me your clothes and I’m sorry for the bother,” nahihiya niyang sabi.

“It’s okay. These are old. I don’t use them anymore,” bale-walang sagot nito, pagkuwan ay tumalikod na at umalis.

Ibinaba ni Lianne sa kama ang mga damit

pagkatapos ay muling naupo. Apat ang mga kapatid ni Harold. Ang panganay ay si Daniel, lawyer at ngayon nga ay mayor ng bayan nila. Pangalawa ay si Ash, isa raw itong photographer at pangatlo ay si Julia, isang OB-Gyne. Si Harold ang sumunod at ang bunso ay si Irene, isang international model.

Ang hindi na lang niya nakikilala ay sina Ash at Julia. Walang duda na hindi rin siya magugustuhan ng mga ito dahil sa background niya. Ayaw man niyang paapekto, tao lang siya.

She was a proud woman, proud of her accomplishments, and proud of her loving family. Hindi niya ipagpapalit ang kanyang ina at kapatid sa kahit anong kayamanan sa mundo. They were her strength and happiness.

Tumunog ang alarm niya. Alas cuatro y media na ng hapon, kailangan na niyang maghanda para sa formal dinner. She took a quick bath and dried her hair. Hinarap niya ang mga damit na dala ni Irene. Ang una ay itim, halter ang tabas niyon at ang neckline ay hanggang belly button. Hindi niya kayang isuot iyon.

Ang kasunod ay red long dress, tube ito at ang slit sa side ay hanggang hipbone, lalong hindi niya kayang isuot ito. Kailangan ng t-back panties or no panties at all. Bakit ba ganito ang mga damit na ibinigay sa kanya ni Irene? Naalala niyang international model ito; seksi kasi itong manamit pero hindi naman iyong tipong bastusin.

Ang huli ay sparkling light blue short dress, hanggang kalahati ng hita niya, V-neck at sleeveless ito. Isinuot niya ang damit. Napanganga siya nang umikot sa salamin, the dress exposed all of her back. Kita ang

panty niya, halata pa ang pantyline sa ilalim ng damit.

Pinalitan niya ang suot ng seamless na hipster panty. Hindi na kita at hindi na rin halata ang underwear niya. Kailangan din niyang tanggalin ang suot na bra. Tiningnan niya ang sarili, hindi halata ang nipples niya dahil overlapping ang neckline.

Itinaas ni Lianne ang waist-length niyang buhok, she twisted it in a tight bun. Lalong naging pronounced ang kanyang cheekbones. Naglagay siya ng light blue eyeshadow at blue mascara. It flattered her almond-shaped eyes at lalong kumapal ang kanyang mahabang pilik-mata. Her eyes looked sensual and smoky, as if they promised untold pleasures.

Pinulbuan niya ang mukha at ang kanyang matangos na ilong. Nagpahid din siya ng lip gloss sa natural na mapupula at pouty niyang labi. Nilagyan niya ng white-gold dangling earrings ang mga tainga at pinagmasdan ang sarili sa salamin.

Nakontento siya sa kanyang hitsura. Isinuot na ni Lianne ang kanyang silver shoes with stiletto heels at kinuha ang silver handbag.

Tumawag siya kay Harold. “Hi, I’m ready. Saan ako pupunta?”

“Come down here in the blue room, Sweetheart. We’re having a pre-dinner drink,” sabi nito.

Madami nang tao sa blue room. Sinalubong siya ng nobyo at humalik sa pisngi niya.

“Wow! You look gorgeous, Sweetheart! I haven’t seen you like this before,” buong paghangang sambit nito.

“Thanks,” nakangiting sagot niya. “You look great yourself.” Bagay na bagay sa binata ang suot na blue long-sleeved shirt with matching tie.

“Let me introduce you to everybody.” Harold steered her to the couple nearest to the door. “Ate Julia, this is Lianne, my girlfriend. Sweetheart, this is Ate Julia, Dra. Julia Ruzio to be precise, and her friend, Adrian.

“Nice to meet you,” sabi ni Adrian.

“Nice to meet you both,” nakangiting bati naman niya.

“It’s nice to finally meet the woman who’s making my family nervous,” nakangiting saad ni Julia.

Lianne liked her instantly. Kapareho ni Harold ang dating nito, approachable, easy-going at friendly.

“What do you mean?” naguguluhang tanong niya sa comment nito.

“Oh, nothing. Don’t mind me. I think I’m going to enjoy my stay here this weekend. By the way, that dress looks great on you than on Irene.”

“Thanks,” naisagot na lang niya.

Ang kasunod na ipinakilala ni Harold ay ang pinsan at best friend nitong si Calvin. Hindi siya palagay sa lalaking ito. May kakaibang kislap ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya.

Bumaling ito sa kanyang nobyo pagkatapos siyang tingnan mula ulo hanggang paa. “Wow, she’s one hot babe! Naiinggit ako sa ‘yo, ’Insan. Paano mo nabola ang magandang binibining ito?”

“Please behave, Calvin. Huwag mong tinitingnan nang ganyan ang sweetheart ko, baka hindi ka niya magustuhan. Ikaw din, hindi kita makukuhang best man sa kasal namin,” natatawang sabi ni Harold sa pinsan.

Pumormal naman ito. “I’m just kidding, Lianne.”

Ngumiti na lang siya. She could not wait to get

away. Hindi siya komportable kay Calvin.



Hindi na siya naipakilala ni Harold sa iba pang panauhin na nandoon sa blue room dahil tumunog na ang dinner bell. Nagpare-pareha ang mga bisita.

“Harold!” tawag ni Doña Martha sa anak. Lumapit sila rito. “Please escort Ava to the dining room and Calvin, please accompany Lianne.”

Iniabot ni Harold ang kamay ng nobya sa pinsan nito. “Please take care of my sweetheart, pare.” Bumaling naman ito sa kanya, “I’ll see you later, sweetheart.”

Binawi niya ang kamay kay Calvin pagtalikod ng katipan. Sinundan niya ng tingin ang papalayong binata. Lumapit ito sa mestiza na babae na may shoulder-length brown hair. Ang suot nito ay silver sheath dress na nakadikit sa hubog ng katawan nito. Matamis ang ngiti nito na humawak sa braso ni Harold.

*Siya pala si Ava, she’s so beautiful. Bagay na bagay sila ni Harold.* Nakaramdam siya ng panibugho.

“They look good together, don’t they?” obserbasyon ni Calvin na nakatingin din sa dalawa. Hindi niya alam kung seryoso ito o nang-aasar lang, hindi na lang niya pinansin.

“They grew up together pero ang kaedad ni Ava ay si Irene. But Ava followed my cousin around until they were in high school. Kung nasaan si Harold, nandoon siya. Natigil lang iyon noong nag-college ang boyfriend mo. Bihirang umuwi si Harold dito and when he did, mga ilang araw lang. Bihirang magkasabay ang dalawang iyan na magbakasyon dito. Harold must be shocked to see Ava all grown-up.” Pilyo ang ngiti sa labi

ni Calvin, parang may ibig ipahatid.

They were seated far from the two, napapalibutan siya ng relatives ng binata. Ngumingiti si Lianne kapag may napapatingin sa kanya. Hindi siya makapag-concentrate sa pagkain.

Bakit hindi naikukuwento ni Harold sa kanya ang tungkol kay Ava? Nagsasalaysay naman ito ng mga childhood escapades nilang magkakapatid at magpipinsan, pero kahit minsan ay hindi nito nabanggit ang babaeng iyon. Why? Ava was a big part of his childhood, why would he leave her out of his stories?

She could see her boyfriend at the other end of the table. He was very occupied with his partner. She could hear his laughter. Nakatutok din ang atensyon ni Ava sa binata. Even she could see that the woman was in love with her boyfriend. May idea kaya si Harold sa nararamdaman ng babae?

Ano ang gagawin niya? Awayin si Ava? Sabihin na taken na si Harold? Pero siguro naman ay alam ng dalaga na may girlfriend na ang escort nito. Saka walang ginagawang masama ang kasintahan niya. He was just being a perfect gentleman.

Pagkatapos ng hapunan ay pumunta sila sa kalapit na silid, isa iyong ballroom. May waiters na umiikot at nag-aalok ng drinks. May mga bisita pang dumarating. Halos wala siyang natandaan sa mga ipinakilala ni Calvin sa kanya.

Harold claimed her first dance. "Are you having a good time, sweetheart?" masuyong tanong nito.

"Yes," ang tanging naisagot niya kahit gusto niyang sabihing hindi dahil nasira na ang mood pagkakita rito habang kasama si Ava.

“Is Calvin being a perfect gentleman?”

“So far.”

“Maloko lang ang taong iyon pero harmless naman.” Hinaplos nito ang pisngi niya. “Just enjoy yourself, okay?”

“I wish you’re my partner, that would be more enjoyable.” Kapag katabi niya ang binata, pakiramdam niya ay hindi siya gaanong out of place.

“I know, sweetheart. I want that, too, but there’s no graceful way out when Mama announced Ava to be my partner for the night.”

“Who is Ava?” hindi niya napigilang itanong.

Hindi kaagad nakasagot si Harold. Mas lalong lumala ang kabang nakatago sa dibdib ng dalaga. “She’s Irene’s friend. We grew up together.”

“How come you haven’t mentioned her in your stories if you grew up together?”

“I didn’t?” gulat na tanong nito. “I must have. We were always together.”

Tumango na lang si Lianne. Hindi na siya nagtanong pa ng iba. Harold looked uneasy answering her question. She was feeling a little insecure. Ngayon lang ito nangyari sa kanya. She was always secure with the man she was dancing with.

May umagaw ng atensyon niya, may naramdaman siyang nakatingin sa kanya. Nagtayuan lahat ng balahibo ni Lianne sa batok. Who could it be? Iginala niya ang paningin at tumama iyon sa mga mata ni Ava. Puno ng pagseselos ang mga mata nito, binawi niya kaagad ang tingin. Pero hindi ang babaeng iyon ang nararamdaman niya. May isa pang pares ng mata na nagmamasid sa bawat galaw niya. Hindi niya makita




kung sino.

Pagkatapos ng sayaw ay bumalik si Harold sa tabi ni Ava at nakita niyang ang babae naman ang kasunod na isinayaw nito. Nagpaalam siya kay Calvin na pupunta sa rest room bago pa siya maaya nito na sumayaw. Nag-retouch siya ng makeup pagkatapos ay lumabas ng bahay.

It was full moon tonight, the stars are out. Naglakad si Lianne papunta sa gazebo. Malamig ang hangin na tumatama sa likod niya pero wala siyang pakialam. The place looked magical. May nakapulupot na rice lights sa bawat haligi ng gazebo, naka-intertwine sa vines na gumagapang dito. Umupo siya sa isang silya roon at inihilig ang ulo sa headrest. She breathed deeply and felt her muscles relax.





**A**las nueve na nang makarating si Ash sa mansion, nakuha niyang gawing limang oras ang biyahe pero nahuli pa rin siya sa dinner. Dumerecho siya sa kanyang kuwarto at nagbihis bago bumaba.

Sa ballroom siya tumuloy at kaagad lumapit sa mga magulang at humalik sa pisngi ng mga ito. “Happy Anniversary, Papa, Mama.”

“I’m glad you made it, hijo,” natutuwang sambit ng kanyang ina.

“Cutting it really close, don’t you think?” sarcastic na sabi naman ng kanyang ama.

“I’m sorry, Pa. I wasn’t able to finish my work fast enough,” mahinahon na paliwanag niya rito.

“Oh, give him a break, Frederico. Kumain ka muna, Ash, and after that, circulate. Matagal kang hindi nakita ng mga relatives natin, para kang si Harold.” Hinila ni Doña Martha ang asawa palapit sa bagong dating na mga bisita.

Dahil kumain na si Ash sa daan habang pauwi ay sa bar siya umupo at humingi ng isang shot ng whiskey.

Kompleto ang mga kamag-anak at kaibigan ng mga magulang. Mukhang nag-e-enjoy ang lahat.

His attention was caught by the woman dancing with Harold. She had the creamiest skin and the longest legs. Hindi masasabing napakataas ng babae, hanggang mata ito ni Harold, around 5'7" siguro. Which meant hanggang bibig niya ito, perfect height for him.

His hands were itching to caress her bare skin. Nakita niya ang paghaplos ni Harold sa pisngi nito at gusto niyang tabigin ang kamay ng kapatid. Tutol ang kalooban niya na may hahawak na ibang lalaki sa babae. At nang ngumiti ito sa kapatid niya, he wanted to be in Harold's shoes. Gustong batukan ni Ash ang sarili. Hindi pa man niya nakikita ang mukha ng babae, he was already feeling possessive.

Nang humarap ito ay nahigit niya ang paghinga. She was stunningly beautiful! Sensual and innocent, alluring yet reserved, every woman in the ballroom paled in comparison. Para siyang sinuntok sa dibdib; he felt many emotions all at once—lust, jealousy, possessiveness, protectiveness and fear. Fear for feeling these powerful emotions for a woman he didn't even know.

Pagkatapos ng sayaw ay nakita niyang lumabas ang babae sa ballroom. She went to the rest room and afterwards went out of the house. Hindi niya napigil ang sarili, sinundan niya ito.

She looked more beautiful up close and her body was bathed with moonlight. Every curve was delicately outlined by her short dress. He wanted to hold her, taste her. Humakbang si Ash palapit dito.



Muling naramdaman ni Lianne na may nakatingin sa kanya. Kinabahan siya, maingay sa loob ng bahay, pag sumigaw siya ay hindi siya maririnig. Tumayo siya, kailangan na niyang bumalik sa ballroom.

“Beautiful night, isn’t it?” sabi ng baritonong boses na nasa pinto ng gazebo.

Natatamaan ng sinag ng buwan ang mukha nito. He had a strong and dangerous face, he oozed with sex appeal. He was tall, taller than Harold. He was wearing black long-sleeved shirt, no tie and the two upper buttons were undone. Wavy ang hanggang balik at nitong itim na buhok. His eyes were hot and busy devouring her body. And his lips looked strong and firm.

Hindi mapigil ni Lianne ang mga mata na tumingin sa estranghero. Her heart was beating fast. Hindi niya alam kung bakit fascinated siya sa mukha at katawan nito. She never felt like this with Harold. With her boyfriend she felt safe, but this man made her feel like she was in danger.

Pinigil ni Lianne ang sarili na umatras. Ayaw niyang magpakita ng takot sa lalaki. “Excuse me, I’m just leaving.”

“Please stay. May I know your name?”

“I’m Lianne.”

“Beautiful name, it suits you. Do you know me?”

Umiling siya. Bakit iisipin ng lalaking ito na kilala niya ito? “I have to go back inside. Please excuse me.”

“Do you have to? You were enjoying yourself out here before I came along. Are you scared of me?”

“No. Of course not,” mabilis na tugon niya. She was not scared of him. Natatakot siya sa nararamdaman niya sa presence nito. She felt alive, her senses were in

high gear. She knew instantly that he could make her do something reckless. And she was always level-headed. She was not impulsive.

“This is a private party for family and friends. I was wondering who brought you here.”

Bumukas ang bibig ni Lianne para sabihin dito na si Harold ang nagdala sa kanya roon pero pinigil siya nito.

“No, I don’t need to know right now. Why don’t we sit down and enjoy the peace and quiet.”

Sumunod ang katawan niya sa sinabi nito, pero ang utak niya ay sumisigaw na umalis siya roon hanggang may chance pa siya.

“Are you a model?”

Natawa siya. “No. Med rep ako sa isang drug company.”

“Can I photograph you?”

“Why?”

“I’m an artist. I want to capture you on film.”

What was happening to her? Hindi man lang alam ni Lianne ang pangalan ng lalaking ito, pero nandito siya at nakikipag-usap dito.

“I don’t even know you,” naiilang na sabi niya.

“I’m Ash.”

Ash! Kapatid ba ito ni Harold o kapangalan lang?

“Look at me, Lianne. Do you know how badly I want to kiss you?” derechong sabi nito.

Umawang ang mga labi ni Lianne. Natuyo ang lalamunan niya at uminit ang kanyang pakiramdam. Her eyes turned darker and sensual. She licked her lips. Dapat ay mainis siya sa kaharap dahil sa sinabi nito pero iba ang reaction ng katawan niya.

Narinig niyang nagmura si Ash at mabilis na

nakalapit sa kanya. Hinawakan nito ang mukha niya at nakatutok ang paningin sa labi niya. Her blood rushed to her head, her nerve endings were tingling. His eyes were caressing her eyes, nose and mouth. She felt boneless. This man made her feel things she never experienced before.

“I want to kiss you so badly, honey!” nahihirapang sabi nito.

Saka lang siya natauhan at itinulak si Ash. Tumakbo siya pabalik sa loob ng bahay. Dumaan ulit siya sa rest room. Pagharap niya sa salamin ay parang ibang Lianne ang nakita niya. Gulo ang buhok niya at namumula ang kanyang mga pisngi. She looked like she had been thoroughly kissed. At nangyari sana iyon kung hindi siya natauhan.

Ano ba ang nagawa niya? What was wrong with her? She was here with her boyfriend. What was she doing talking with another man? A man who affected her so much.

Naghilamos siya at nag-apply ng panibagong makeup. Inayos niya ang buhok. Anong mayroon sa lalaking iyon? She wanted to run and stay at the same time. She wanted him to kiss her! Bumakas ang pagtangga sa mga mata niya. Why did she feel that?

Hindi ganoon ang epekto ni Harold sa kanya; with him, she felt safe and cherished. He was a great boyfriend. They kissed hundred of times, but those were nice, safe kisses. Kanina ay muntik na siyang halikan ni Ash pero grabe na ang epekto nito sa senses niya, lalo na siguro kung tuluyan siya nitong hinalikan. He was a dangerous man, she'd better stay clear of him.

Nang kumalma ang pakiramdam ni Lianne ay

bumalik siya sa ballroom. She prayed that Ash wouldn't be there. Nakita niya si Harold na nakikipagsayaw ng sweet kay Ava. Nakahilig ang pisngi ng dalaga sa dibdib nito. She should be the one doing that, she needed Harold's calming presence.

"Saan ka nanggaling? Ang tagal mong nawala, ah!" sabi ni Calvin na biglang sumulpot sa tabi niya.

"Uhm... sa labas. Nagpahangin lang."

"Champagne?" May dala itong extra flute.

Bakit hindi? It would calm her nerves. "Sure. Thanks."

"No problem. See you later. I promised this dance to Irene." Dali-daling umalis ang binata. Weird, for all his interest earlier, hindi man lang siya nito inayang sumayaw.

Ibinalik ni Lianne ang paningin sa lalaking karelasyon. He looked happy and alive. She willed him to look at her, pero tutok ang atensyon nito kay Ava. Mukhang nakalimutan na ng binata ang presence niya. Wala na halos pagitan ang mga katawan ng dalawang nagsasayaw, as if they were lovers!

Comfortable siya kay Harold but not as comfortable as Ava right now. May mga parte pa rin ng katawan niya na iniwasan niyang madikit sa binata.

Hindi nila pinag-uusapan ang sexual aspect ng kanilang relasyon. Noong one year anniversary nila ay muntik nang may mangyari sa kanila, pero nang tanungin siya ng nobyo kung sigurado siya ay bumakas ang pag-aalinlangan sa mukha niya. Hindi siya nakasagot dahil hindi pa siya handa. Nirespeto nito ang desisyon niya. Simula noon ay wala pa ulit namagitan sa kanila dahil sa kanilang hectic schedule.

Huminga siya nang malalim, magka-cut siya sa pagsasayaw nina Ava at Harold. Kailangan niya ang yakap ng nobyo, kailangan niya ang tenderness sa mga mata nito, kailangan niya ang security ng mga braso nito.

“They are expected to marry, you know,” sabi ni Ash na nakalapit na sa kinatatayuan ni Lianne nang hindi niya namamalayan.

He was standing so close. She could feel his body heat. Her senses were on full alert. Napigil ang binabalak niyang paghakbang papunta sa kasintahan. Inubos niya ang champagne sa hawak na kopita para matanggal ang panunuyo ng lalamunan.

“W-who?”

“Harold and Ava.”

“W-what?”

“Harold and Ava are expected to get married sooner or later. And if Mama had her way, it would be sooner,” simpleng pahayag nito.

“Are you serious?” Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman at kung ano ang iisipin.

“Yeah. It’s a common knowledge. Ask anyone.”

Unbelievable! It must be a joke! It couldn’t be true! Alam din ng lahat na siya ang girlfriend ni Harold. Ano ang gustong palabasin ni Ash sa sinabi nito? Alam ba nito na girlfriend siya ni Harold? Sinusubukan ba siya nito?

“Excuse me.” Kailangan niyang lumayo sa binata. Hindi niya kayang makipag-small talk dito, not when her mind was spinning.

Pinigilan siya nito sa braso. “Where are you going?”

“It’s none of your business.” Tila napapaso si Lianne



sa hawak nito pero hindi niya mabawi ang braso.

“I want to make it *my* business, honey.” He was caressing her arm. Tumayo lahat ng balahibo niya sa katawan.

“Let me go. I’m going to the rest room,” desperadong sabi ng dalaga.

Binitawan naman siya ni Ash. “Come back at once, Lianne. I want to dance with you.”

No way! The man was lethal. She would not survive dancing with him. Tinapunan niya ng tingin si Harold, he was still dancing with Ava, oblivious to everyone. Totoo kaya ang sinabi ni Ash tungkol sa dalawa?

